

**Mga Umiiral at Binabalak na Hakbang
sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi**

Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan

Ang lahat ng mga nangangailangan na residente ng Hong Kong, anuman ang kanilang pagkamamamayan o lahi, ay matatamasa ang pantas na akses sa mga serbisyo sa panlipunang kagalingan hanggat tumutugon sila sa pamantayan sa pagiging kuwalipikado.

Ang mga hakbang na ginawa/gagawin ng Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan (Social Welfare Department, SWD) upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga lahi at ang probisyon sa pantay na akses sa mga serbisyo sa panlipunangkagalinganay itinakda sababa.

A. Mga hakbang na nagpapahintulot sa mga tao mula sa iba't ibang lahi namagkaroon ng pantay na akses sa mga kaugnay na serbisyo sa kagalingan

**Mga
Kaugnay
na
Serbisyo**

- Ang SWD ay nagpapatupad ng mga hakbang nagbibigay daan sa mga tao na mula sa iba't ibang lahi na magkaroon ng pantay na akses sa kaugnay na serbisyo sa panlipunang kagalingan, at protektahan ang datos ng mga tao mula sa iba't ibang lahi na gumagamit ng mga serbisyo sa panlipunang kagalingan.

**Mga
Umiiral
na
Hakbang**

Sanggunian sa mga estadistika at impormasyon sa mga tao mula sa iba't ibang lahi

- Sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga serbisyo ng kagalingan, ang SWD ay sumangguni sa mga estadistika at impormasyon sa mga minorityang etniko na mahahanap sa iba't ibang mga sanggunian kasama na ang Departamento ng Senso at Estadistika (Census and Statistics Department), ibang departamento sa pamahalaan at mga non-governmental organisations (NGOs), at nagsimulang magtipon ng mga estadistikal na pigura sa paggamit ng serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon ng iba't ibang mga

yunit mula Enero 2019 upang mas maunawaaan ang panlipunang pangangailangan ng mga tao mula sa iba't ibang mga lahi.

Polyeto ng serbisyo sa wika ng iba't ibang mga lahi

- Ang mga polyeto ng mga susing serbisyo ay magpapatuloy na isalin sa hindi bababa sa walong wika na ginagamit ng iba't ibang mga lahi¹ maliban sa Tsino at Ingles. Inilagay ito sa mga yunit ng serbisyo at / o in- upload sa Homepage ng SWD para sa madaling akses at pagsangguni.

Homepage ng SWD

- Ang SWD ay gumawa ng shortcut icon sa “Impormasyon para sa mga taon mula sa iba't ibang lahi” sa homepage ng SWD upang magkaroon ng madaling akses sa mga kaugnay na impormasyon sa serbisyo sa mga wika ng iba't ibang lahi ng mga taong may ibang lahi, publiko, mga kawani ng SWD at mga NGO.

Serbisyo sa interpretasyon

- Aayusin ng SWD ang interpretasyon bilang nararapat kapag nagbibigay ng serbisyo sa panlipunang kagalingan para sa mga tao mula sa iba't ibang lahi. Ang mga kawani ay maaaring gamitin ang serbisyo ng interpretasyon para sa mga etnikong minorya mula sa iba't ibang pinagmulan, tulad ng serbisyo sa interpretasyon sa korte, serbisyo sa interpretasyon na ibinibigay ng Hospital Authority, ng Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) sa ilalim ng Hong Kong Christian Service na nagbibigay ng serbisyo sa interpretasyon mula sa pagpopondo ng Home Affairs Department, at ibang NGO, atbp.

Mga Pasilidad na Web-cam

- Ang SWD ay nagkabit ng mga pasilidad na web-cam sa sampung yunit ng serbisyo para sa pagsasagawa ng tripartite video conferencing sa pagitan ng mga gumagamit ng serbisyo, social worker (kasama na ang mga yunit sa departamento at mga Integrated Family Service Centres /

¹ Ang walong komon na wika ng iba't ibang lahi ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese.

Integrated Services Centres na pinangangasiwaan ng mga NGO) / kawani sa panlipunang seguridad kung kinakailangan.

Akses sa agarang serbisyo sa interpretasyon para sa mga tumatawag na tao mula sa iba't ibang lahi na may katanungan sa SWD Hotline

- Ang SWD Hotline <2343 2255> ay nagbibigay sa mga tumatawag na tao na mula iba't ibang lahi na magkaroon ng agarang akses sa serbisyo sa interpretasyon sa telepono sa walong komon na wika ng iba't ibang mga lahi upang mapangasiwaan ang kanilang tanong sa serbisyo sa kagalingan.

Mga dapat tandaan sa pagbibigay ng serbisyo ng kagalingan para sa mga etnikong minorya

- Ang SWD ay naglabas ng “Mga dapat tandaan sa pagbibigay ng serbisyo ng kagalingan para sa mga etnikong minorya” (Dapat tandaan) sa mga social worker / kawani ng panlipunang seguridad ng mga yunit ng departamento, social worker ng Integrated Family Service Centres / Integrated Services Centres at serbisyo sa mga kabataan na pinatatakbo ng mga NGO upang makapagbigay ng sanggunian para sa mga yunit ng serbisyo sa paglilingkod sa mga grupo ng makakaibang lahi. Kasama rito ang mga gawaing pangkultura ng iba't ibang mga lahi at mga paraan upang magsaayos ng nararapat na serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin, atbp. Binigyan din ng SWD ang mga yunit ng serbisyo ng isang pinaiksing bersyon ng Dapat Tandaan, mga protokol at iskrip sa pamamahala ng mga drop-in / tanong sa telepono mula sa mga tao mula sa iba't ibang mga lahi bilang sanggunian ng mga kawani na nakatao sa mesa at empleyado na tatanggap.

Abiso sa “Tulong at Serbisyo sa Interpretasyon para sa mga Etnikong Minorya”

- Upang mapahusay ang kaalaman ng mga tao mula sa iba't ibang mga lahi tungkol sa mga lugar sa pagkuha ng tulong sa kagalingan at maging serbisyo sa interpretasyon sa telepono, ang mga yunit ng serbisyo ng SWD ay nagpaskil sa mga lugar ng pagtanggap ng isang abiso sa “Tulong at Serbisyo sa Interpretasyon para sa mga Etnikong Minorya”, na isinalin sa mga wika ng iba't ibang mga lahi.

- Dagdag pa, ang mga tao mula sa iba't ibang lahi ay bibigyan ng kopya ng nasabing abiso kapag sila ay nagpunta para sa mga tanong / serbisyo. Ang impormasyon ay makikita rin sa Homepage ng SWD.

Nakatalagang tao para sa bawat distrito

- Ang SWD ay nagtalaga ng isang tao sa bawat administratibong distrito upang magbigay ng suportang internal sa kanilang mga kasamahan sa distrito sa pagbibigay ng serbisyo sa kagalingan sa mga tao mula sa iba't ibang lahi.

Patakaran sa walang diskriminasyon pagpasok sa mga akses sa serbisyo sa panlipunang kagalingan

- Ang mga yunit ng serbisyo sa ilalim ng SWD at mga sinusuportahan mga NGO na sinusubaybayan ng Service Performance Monitoring System at maging ng mga yuniy ng kinontratang serbisyo ay kinakailangang siguraduhin na ang mga gumagamit ng serbisyo ay may malinaw at tumpak na impormasyon kung paano makapasok at makaalis sa serbisyo at ang patakaran sa pagpasok ay dapat walang diskriminasyon.

Proteksyon ng personal na datos

- Isinalin ng SWD ang Personal Information Collection Statement sa walong komon na wika ng iba't ibang lahi² bilang karagdagan sa Tsino at Ingles, upang ang mga tao na may magkakaibang lahi ay mas maunawaan ang layunin kung bakit kinukuha ng kawani ng SWD ang kanilang personal na datos kapag sila ay humihindi para sa serbisyo / tulong, at maging ang kanilang karapatan na maakses at itama ang kanilang personal na datos ayon sa Personal Data (Privacy) Ordinance.

² Ang walong komon na wika ng iba't ibang lahi ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese.

Mga serbisyong ispesyal na dinisenyo para matugunan ang mga kailangan ng mga tao mula sa iba't ibang lahi

- Ang Team para sa Pakikipag-ugnayan sa mga Etnikong Minorya ay aktibong nakikipag-ugnayan sa mga tao mula sa iba't ibang mga lahi at kinokonekta ang mga may kailangan ng pangunahing serbisyong kagalingan.
- Mga programa sa edukasyon na komunidad upang magtaguyod ng kamalayan ng mga tao mula sa iba't ibang mga lahi sa larhasan sa tahanan at karahasang sekswal at hikayatin ang mga biktima na humingi ng tulong.
- Pagbibigay ng subsidiya para sa mga ispesyal na child care centres at sentro para maagang edukasyon at pagsasanay na tumatanggap ng mga anak ng mga etnikong minorya na may ispesyal na pangangailangan upang makapagbigay ng mas mahusay na suporta para sa mga bata na mapangasiwaan ang kanilang pagsasanay, komunikasyon sa kanilang mga magulang/tagapangalaga at/o pagbibigay ng suportang panlipunan para sa mga pamilya.
- Pagtatatag ng mga ispesyal na yunit ng mga tao mula sa iba't ibang lahat sa limang resource center para sa mga magulang/kamag-anak para sa mga taong may kapansanan na matatagpuan sa mga distrito na maraming populasyon ng magkakaibang lahi upang mapalakas ang suporta ng komunidad para sa mga tao mula sa iba't ibang lahi na may kapansanan.

**Pagtatasa ng
Hinaharap ng
Trabaho**

Mga polyeto ng serbisyo sa mga wika sa iba't ibang lahi

- Magpapatuloy ang SWD na regular na magtipon ng mga feedback sa mga polyeto ng serbisyo mula sa mga kawani at gumagamit ng serbisyo.

Homepage ng SWD

- Magpapatuloy ang SWD na regular na magtipon ng mga feedback sa Homepage ng SWD mula mga kawani at gumagamit ng serbisyo.

Patakaran sa walang diskriminasyon na pagpasok sa akses sa mga serbisyo ng panlipunang kagalingan

- Ang SWD at ang mga sinuportahang mga yunit ng serbisyo at maging mga kinontratang yunit ng serbisyo ay patuloy na dadaan sa panloob at panlabas na pagtatapos yung masubaybayan ang kanilang pagtugon sa patakaran sa walang diskriminasyon na pagpasok na binanggit sa itaas.

(Mga) Nagpapahiwatig ng pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi

- Ang SWD ay magpapatuloy na itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahi at isang paraan ay regulat na pagsubaybay sa (mga) antas ng tagumpay para sa mga itinagtag na (mga) nagpapahiwatig at pagrebyu ng pagiging epektibo nito.

**Mga
Karagdang
Hakbang na
Isasagawa**

- Ipagpapatuloy ng SWD na–
 - Magsalin ng mas maraming polyeto sa serbisyou pang masaklaw ang mga susing serbisyo ngkagalingan at i-upload ito sa Homepage ng SWD kung naaayon;
 - i-update impormasyon ng serbisyo at mga polyeto samga wika ng iba't ibang lahi kung kinakailangan; at
 - Gumawa ng mga bagong polyeto ng serbisyo sa mgawika ng iba't ibang lahi at i-upload ito sa Homepageng SWD kung kinakailangan.

Mga serbisyonang ispesyal na dinisenyo para matugunan ang mga kailangan ng mga tao mula sa iba't ibang lahi

- Ang SWD ay magpapatuloy na magbigay ng mga serbisyo upang tumuon na matugunan ang kailangan ng mga tao mula sa iba't ibang lahi, halimbawa, Pilot Scheme sa EM District Ambassador.

B. Pagsasanay para sa mga kawani ng SWD, mga NGO at kinontratang yunit ng serbisyo

Mga Kaugnay na Serbisyo

- Upang mapahusay ang kamalayan, pag-unawa at sensitibilidad tungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahi ng mga kawani ng SWD / NGO / kinontratang yunit ng serbisyo.

Mga Umiiral na Hakbang

- Ipagpapatuloy ng SWD na–
 - Magsagawa ng pagsasanay sa Race Discrimination Ordinance (RDO) at mga kaugnay na gabay para samga kawani ng SWD;
 - i-upload ang mga kaugnay na gabay sa Intranet ng SWD bilang sanggunian ng kawani at ang mga materyal sa pagsasanay sa e-Learning Centre para madaling maakses ng kawani ng SWD at mga NGO;
 - Magsagawa ng mga parogramang pagsasanay para sa mga kawani ng SWD, NGO at mga kinontratang yunit ng serbisyo upang mapahusya ang kanilang kaalaman at sensitibilidad sa kultura, pamumuhay at kailangang serbisyo ng mga tao mula sa iba't ibang lahi;
 - Hikayatin ang mga kawani ng SWD na dumalo sa mga kursong pagsasanay sa RDO at mga kaugnay na gabay na inorganisa ng Civil Service Training and Development Institute, Equal Opportunities Commission o mga kaugnay na institusyon.

Pagtatasa ng Hinaharap ng Trabaho

- Ipagpapatuloy ng SWD na–
 - magtipon at suriin ang datos sa bilang ng mga kaugnay na gawaing pagsasanay na ginagawa bawat taon, at maging ang bilang at marka ng mga kalahok;
 - magkolekta ng mga feedback mula sa mga kalahok ng isinagawang gawaing pagsasanay; at
 - humingi ng mga mungkahi mula sa mga kawani kung anong mga programang pagsasanay ang dapat ialok.

Katanungan mula sa Publiko

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at planong hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa mga opisyal sa mga sumusunod na paraan,

- 1) Bb. Carol SHEK, Social Work Officer (Corporate Co-ordination) ng Corporate Planning and Co-ordination Section

Numero ng Telepono : 2152 9305

Numero ng Fax : 2116 9070

Email : cpcsenq@swd.gov.hk

Postal Address : 8/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong

- 2) Bb. Cathy TANG, Social Work Officer (Family) 6 ng Family Services Section

Numero ng Telepono : 2892 5179

Numero ng Fax : 2833 5840

Email : fcwenq@swd.gov.hk

Postal Address : 8/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong

**Kagawaran ng
Panlipunang Kagalingan
Hulyo 2022**